# Sigarilyo at Kalusugan sa mga Komunidad na Asyano Amerikano, Katutubong Hawaiiano at mga mula sa mga Isla Pasipiko na nasa California


TOWARDS HEALTH PARITY AND JUSTICE

## May hindi pantay na pinapasang suliranin ang mga komunidad na Asyano Amerikano, Katutubong Hawaiian, at mga mula sa mga Isla Pasipiko dahil sa paninigarilyo at mga sakit na mula sa sigarilyo.

Kahit iniuulat ng California Health Interview Survey (CHIS) ang datos sa paninigarilyo para sa bawat isa sa pinakamalalaking grupong Asyano Amerikano, madali ring makukuha ang mga espisipikong datos sa mas maliliit na pangkat etnikong Asyano at NHPI – tulad ng Cambodian, Hmong, Katutubong Hawaiian o Tongan – mula sa mas malakihang pag-aaral.


Ayon sa isang datos na nakabatay sa komunidad, 24.4% ng mga lalaking Cambodian sa Long Beach ay naninigarilyo (Friis et.al., 2012).

Dramatiko rin ang pagtaas ng porsiyento ng mga babaeng Asyano Amerikano na naninigarilyo, kung tutuusing may tradisyon na mababa ang porsiyento nito. Mahigit sa doble ang porsiyento ng paninigarilyo sa mga Koreana (20/5%) at babaeng mula sa mga Islang Pasipiko (23.o%) kung ihahambing sa porsiyento ng lahat ng mga babaeng taga-California (10.1%), at sa 13.0% na mga Haponesang naninigarilyo (CHIS, 2009).





PORSIYENTO NG MGA LALAKE NA KASALUKUYANG NANINIGARILYO

**Batay sa 2009 California Health Interview Surveys (CHIS), ang dami ng mga naninigarilyong lalake na mula sa Isla Pasipiko at mga taga-Vietnam ay doble ng lahat ng mga lalake sa California at mataas rin sa mga lalaking Koreano at Pilipino.**



**Ang iba't ibang uri ng mga tabakong walang usok ay iniuugnay din sa higit na panganib na magkaroon ng kanser. Isang karaniwang gawi sa mga mula sa mga Isla Pasikipiko, mga taga-Timog Silangang Asya at Katimugang Asya ang pagnganganga ng betel nut – na kilala rin bilang "areca nut" o paan masala – kasama ang mga dahon ng tabako at iba pang pampalasa.**





PORSIYENTO NG MGA NAKALANTAD NA MAKALANGHAP NG USOK NG SIGARILYO NG IBANG TAO SA KANILANG TAHANAN

Ang mga Asyano Amerikano at mga mula sa mga Isla Pasipiko ang may pangalawang pinakamataas na porsiyento ng pagkakalantad sa usok ng sigarilyo ng iba sa lugar ng trabaho kung ihahambing sa ano mang grupo sa California, sa 10.5% (Max, Sung, and Shi, 2012).

Mas malamang na malantad sa araw-araw na mga mapanganib na kemikal sa usok ng sigarilyo ng ibang tao sa kanilang sarilang tahanan ang mga mula sa Biyetnam (56.1%) at mga mula sa mga Isla Pasipiko (64.7%) kung ihahambing sa pangkalahatang populasyon ng California (44.7%) (CHIS, 2009).

Asian Pacific Partners for Empowerment, Advocacy & Leadership
300 Frank H. Ogawa Plaza, Suite 620 | Oakland, CA 94612 | Tel: 510.272.9536 | Fax: 510.272.0817 | www.appealforcommunities.org

## Ang Epekto ng Mga Sakit Kaugnay ng Sigarilyo




Ang paninigarilyo ay ang pangunahing sanhi ng mga karamdamang maaari pa sanang maiwasan, kapansanan, at kamatayan, para sa lahat ng grupo, kasama na ang mga AA at NHPI. Nagdudulot ito ng kamatayan sa higit na maraming tao sa isang taon nang higit pa sa pinagsamang AIDS, pag-abuso ng alkohol at droga, aksidente ng kotse, mga kapinsalaan, pamamaslang at pagkitil ng sariling buhay (CDC, 2008; McGinnis and Foege, 1993).

Iniuugnay ang paninigarilyo at paggamit ng tabakong walang usok sa tatlong pinakasanhi ng kamatayan ng mga Asyano Amerikano at mga mula sa mga Isla Pasipiko sa California – sakit sa puso, kanser, at stroke (Ponce et al., 2009).

Kanser sa baga ang pangunahing kanser na nakamamatay sa mga Asyano Amerikano. Paninigarilyo naman ang sanhi ng 80% ng lahat mga kamatayang dulot ng kanser sa baga, at nakapagpatindi rin ng panganib para sa iba pang uri ng kanser sa kabuuan ng katawan (USDHHS, 1998; ACS, 2011).

## Paninigarilyo sa mga Kabataang AA at NHPI



Sa buong bansa, mas maagang nagsisimula ang mga kabataang mula sa mga Isla Pasipiko kung ihahambing sa iba pang pangkat etniko o ayon sa lahi, na may 31.1% ang nagsisimulang manigarilyo sa mababang paaralan (Chen, 2003).

Pitong beses na mas mataas ang porsiyento ng mga kabataang Asyano Amerikano na nasa mataas na paaralan (33.1%) kung ihahambing sa porsieynto ng naninigarilyong kabataan na Asyano Amerikano na nasa panggitnang paaralan (4/4%) (Kershaw, 2001).

Sa buong bansa, ang mga naninigarilyong AA at NHPI, lalo na ang kabataan, ay mas malamang na manigarilyo ng menthol na sigarilyo kaysa sa pangkalahatang populasyon. 51.5% ng mga kabataang Asyano Amerikano at 41.4% ng mga Katutubong Hawaiiano at mula sa mga Isla Pasipiko, na may edad 12-17, ang nag-ulat na naninigarilyo sila ng isang brand na menthol (Caraballo and Asman, 2011).

Ipinapakita ng mga pananaliksik na ang mga sigarilyong menthol ay inilalako sa mga komunidad ng mga may-kulay at higit na nagdudulot ng adiksiyon at higit na mas mahirap tigilan ang paggamit kaysa sa mga regular na sigarilyo (Lee and Glantz, 2012).

**Para sa karagdagang impormasyon kung paano kayo higit na magkakaroon ng kaalaman at makakalahok, sumali sa APPEAL PROMISE Network sa www.appealforcommunities.org/appealpromisenetwork**

**Para sa sanggunian ng kabuuang impormasyon, bumisita sa: http://appealforcommunities.org/media/docs/2952_References_TobaccoandHealthinAAandNHPICommunitiesinCAFactsheet.pdf**

Nilikha ang papel na ito ng mga datos ng APPEAL para sa proyektong ADEPT, at binigyan ng pondo ng Tobacco Related Disease Research Program (TRDRP) ng California, na pinamahalaan ang pondo ng proyekto mula sa California Center Research Fund* para sa University of California.

*Ginagamit ang mga kontribusyon para sa California Cancer Research para magtaguyod ng pananaliksik hinggil sa mga sanhi, pagtukoy, at pag-iwas sa kanser at para palawakin ang pangkomunidad na edukasyon hinggil sa kanser, at para magkaloob ng mga gawain sa pag-iwas at pagkakaroon ng kaalaman ng mga komunidad na higit na may panganib o may suliranin sa kanser.

Maghanap ng mga linya para sa boluntaryong kontribusyon o makipag-usap sa gumagawa ng inyong papeles para sa pagbabayad ng buwis hinggil sa pagbibigay ng donasyon sa California Breast Cancer Research Fund sa linyang 405 at/o sa Calfornia Cancer Research Fund sa linyang 413 ng inyong papeles para sa pagbabayad ng buwis sa estado na Form 540.

Para makakuha ng higit na impormasyon hinggil sa mga Boluntaryong Kontribusyon ng California, tunghayan ang FAQ page (pahina para sa mga karaniwang katanungan) ng Franchise Tax Board.

## Ang Papel ng Industriya ng Sigarilyo/Tabako

Ipinapakita ng mga internal na dokumento ng industriya na magmula pa noong kalagitnaan ng dekada 80, pinagtuunan na ng mga kompanya ng tabako na Amerikano ang mga Asyano Amerikano at mga mula sa mga Isla Pasipiko sa kanilang mga kampanya sa pagbebenta ng produkto. Itinuturing ng industriya ng sigarilyo/tabako ang mga AA at NHPI bilang isang "potensiyal na mina ng ginto" dahil sa matataas na porsiyento ng mga naninigarilyo sa Asya at sa Pasipiko, ang konsentrasyon sa ilang rehiyong heyograpiko, at ang matatas na proporsiyon ng mga nagbebentang Asyano.

Ipinapakita ng isang internal na dokumento mula sa Lorillard na noong mga unang taon ng 1990s, nagsimula nang magtuon ang mga tagapangasiwa ng pagbebenta sa industriya ng sigarilyo/tabako sa mga babaeng Asyano Amerikano dahil maaaring "higit silang manigarilyo dahil naniniwala silang maaari silang magkaroon ng katulad na kalayaan na tinatamasa ng mga lalake." Matapos na maglagay ng restriksiyon ang Master Settlement Agreement (Pangunahing Kasunduan para sa Pakikipag-ayusan) sa mga pamamaraan ng pagbebenta at promosyon ng industriya, naglunsad ang Virginia Slims ng isang bagong "Find Your Voice (Hanapin ang Iyong Tinig)" na kampanya na pinagtuunan ang mga babaeng Asyano Amerikano at iba pang babaeng minorya ang etnisidad, bilang mga potensiyal na mga bagong maninigarilyo, sa pamamagitan ng paglalarawan sa paninigarilyo bilang pagbibigay-kapangyarihan sa mga babae (Muggli et al., 2002).

## Ano ang isang Epektibong Pamamaraan para Mabawasan ang Paninigarilyo?

Isa sa pinaka-epektibong paraan para maiwasan at mabawasan ang paninigarilyo, lalong-lalo na sa kabataan ay ang pagtaas ng presyo ng sigarilyo sa pamamagitan ng buwis (Boonn, 2011). Sa loob ng kabuuang panahon na apat na taon, ang pagtaas ng buwis sa sigarilyo ng $1 para sa bawat pakete ay makakapagsalba ng humigit-kumulang sa 4,174 na buhay AT makapagtitipid ang California ng $3.35 na bilyon sa gastusin sa pangangalaga ng kalusugan (Max, Sung, and Lightwood, 2012).

Kinakailangang gamitin ang buwis sa sigarilyo para sa pagbibigay ng pondo sa mga komprehensibo at nakatuon sa pangkulturang mga programa sa pagkontrol ng paninigarilyo at pananaliksik sa kanser na kinakailangan ng mga komunidad na Asyano Amerikano, Katutubong Hawaiiano at mula sa mga Isla Pasipiko.